
| | | | |
|---|---|---|---|
| **Catch-up Subject:** | Peace Education | **Grade Level:** | 4 |
| **Quarterly Theme:** | National and Global Awareness *(refer to Enclosure No. 3 of DM 001, s. 2024, Quarter 3)* | **Date:** | APRIL 19, 2024 |
| **Sub-theme:** | *Gratitude (refer to Enclosure No. 3 of DM 001, s. 2024, Quarter 3)* | **Duration:** | 40 mins (*time allotment as per DO 21, s. 2019)* |
| **Session Title:** | **Pagkilala kung sino ang mga mamamayang Pilipino** | **Subject and Time:** | Araling Panlipunan (*schedule as per existing Class Program)* |
| **Session Objectives:** | Pagkatapos ng Gawain<br>1. Inaasahang makilala kung sino ang mga mamamayang Pilipino | | |
| **References:** | K to 12 Basic Education Curriculum | | |
| **Materials:** | | | |
| **Components** | **Duration** | **Activities** | |
| **Activity** | 15 mins | Panuto : Isulat ang letra ng tamang sagot.<br>___ 1. Si Lee ay anak ng isang nagmamay ari ng industriya sa Pilipinas. Dito nag-aral sa Pilipinas. Dumating siya sa takdang edad at ninais na maging Pilipino. Siya ay ___________.<br>A. Tsino<br>B. naturalisadong mamamayang Pilipino<br>C. likas o katutubong mamamayang Pilipino<br>D. naturalisadong mamamayan ng ibang bansa<br>____2. Ang ama ni Zaki ay Hapon at ang ina ay Pilipina at ipinanganak sa Pilipinas.<br>A. Siya ay likas o katutubong mamamayang Pilipino<br>B. Siya ay naturalisadong mamamayang Pilipino<br>C. Siya ay isang Hapon<br>D. Wala sa nabanggit<br><br>____3. Si Sarita ay anak ng mag-asawang Malaysian . May sapat na<br>kita para buhayin ang pamilya sa Pilipinas. Nagsumite ng dokumento para mabago ang pagiging mamamayan. | |

| | | |
|---|---|---|
| | | A. Siya ay likas o katutubong mamamayang Pilipino<br>B. Siya ay naturalisadong mamamayang Pilipino<br>C. Naturalisadong Malaysian<br>D. Siya ay isang Malaysia<br><br>____4. Nagbabakasyon sa PIlipinas tuwing Pasko si Gono na anak ng<br>isang Indian at isang Pilipina. Si Gono ay isang ________. |
| **Reflection** | 15 mins | **Uri ng Mamamayang Pilipino**<br>Ating tingnan ang nasa larawan, sino-sino kaya sa kanila ang mamamayang Pilipino?<br><br>May dalawang uri ng mamamayang Pilipino. Ito ay ang Likas o katutubo at Naturalisado<br>1. Likas o Katutubong Mamamayan – sila ay anak ng isang Pilipino. Maaaring isa lamang sa kaniyang mga magulang o pareho ay Pilipino.<br>Hal. Si Kaleb ay ipinanganak sa Quezon. Ang kaniyang mga magulang ay Pilipino. Si Kaleb ay isang katutubo o likas na Pilipino.<br>Si Beverly ay ipinanganak sa Pangasinan. Ang kaniyang ama ay Pilipino ngunit ang kaniyang ina ay isang Aleman. Si Beverly ay isang likas na mamamayang Pilipino pa rin.<br>2. Naturalisadong Mamamayan – May mga dayuhan nan ais makamit ang pagkamamamayang Pilipino. Upang mangyari ito , dumaraan sila sa proseso na kung tawagin ay naturalisayon. Ito ay pormal na paghingi ng dayuhan ng pagkamamayan sa pamahalaan. Ang mga legal prosesong ito ay isinasailalim sa korte o hukuman.<br>Hal. Ang mga magulang ni Katherine ay mangangalakal mula sa Espanya. Dinala siya sa Pilipinas noong siya ay limang taong gulang lamang. Dito na sya nag-aral,natutong magsalita ng wikang Pilipino at kahanga-hangang pag-uugali. Pagtuntong niya sa edad na 18 gulang ay nag aplay at nagsumite ng kanyang mga dokumento dahil sa kagustuhan niyang maging Pilipino. Dahil taglay ang mga kalidad batay sa pamantayan ng pagiging naturalisadong mamamayan, siya ay pinagkalooban ng batas ng Pilipinas.<br>Ayon sa Commonwealth Act No. 475, ang isang dayuhan ay maaaring maging mamamayang Pilipino sa pamamagitan ng naturalisasyon.<br>Kapag nabigyan na ng pagkamamamayang Pilipino ang isang dayuhan, kailangan niyang sumunod sa mga batas at kultura ng bansa. Matatamasa rin niya ang mga karapatan ng isang mamamayang Pilipino maliban sa mahalal sa matataas na posisyon sa pamahalaan ng bansa.<br>Ayon sa Batas Republika (RA 9139) " The Administrative |

| | | |
|---|---|---|
| | | Naturalization Law of 2000” ang mga pamantayan upang ipagkalooban<br>ng pagkamamamayang Pilipino ang isang dayuhan.<br>▪ Ngayon, mapapatunayan mo na ba na ikaw ay isang<br>mamamayang PIlipino? |
| **Wrap Up** | 10 mins | Panuto: Tukuyin ang uri ng pagkamamamayan sa bawat bilang.<br><br>(A) Likas o Katutubong mamamayang Pilipino<br>(B) Naturalisadong mamamayang Pilipino<br><br>_____1. Ito ay isang uri ng mamamayang Pilipino kapag ang nanay<br>at Tatay ay parehong Pilipino<br>_____2. Ito naman ay batay sa uri ng mamamayang Pilipino na ang dating dayuhan ay naging mamamayang Pilipino sa pamamagitan ng naturalisasyon<br>_____3. Si Nathan ay lumaki sa Amerika ngunit ang kaniyang mga magulang ay parehong Pilipino.<br>_____4. Ang nanay ni Samantha ay isang Haponesa, ang tatay niya<br>ay isang Pilipino.<br>_____5. Ang pamilya Lee na mga Chinese ay 5 taon nang nakatira<br>sa Pilipinas at sila at nakapagpatayo na ng kanilang negosyo |
| **Individual Activity** | 15 mins | Sagutan ang mga sumusunod na tanong;<br><br>Ano ang dalawang uri ng pagkakalilanlan ng isang mamamayang Pilipino?<br>____________________________________________<br>____________________________________________<br><br>Anong uri ng mamamayang Pilipino ang tinatawag na katutubong mamamayan?<br>____________________________________________<br>____________________________________________<br><br>Anong uri ng mamamayang Pilipino ang tinatawag na naturalisasyon?<br>____________________________________________<br>____________________________________________ |